
Gob. Edgardo A. Tallado

# Edgardo 'Egay' Tallado nanumpang Gobernador ng lalawigan ng C Norte


BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE MARSO 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cams. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


nasa loob


EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7







Ang panunumpa ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang bagong gobernador ng Camarines Norte kay Hon. Arniel A. Dating, RTC Executive-Judge sa Camarines Norte. Katabi ng gobernador ang kanyang maybahay na si Josie B. Tallado. (Ibaba) Ang pagproklama ng COMELEC kay Gob. Tallado bilang bagong gobernador ng Cams Norte kasama niya rito ang kanyang pamilya at si Cong. Liwayway Vinzons-Chato.



Nanumpa sa katungkulan bilang bagong Gobernador ng Lalawigan si Kgg. Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng isang simpleng seremonya noong Marso 26, 2010 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*.

Ang panunumpa niya sa tungkulin ay pinangasiwaan ni Hukom Arniel A. Dating, Executive Judge ng *Regional Trial Court (RTC) dito sa Camarines Norte*. Siya ay nanumpa hindi lamang sa bayan kundi sa Ngalan ng Diyos na sinimbolo ng Banal na Bibliya kung saan ipinatong niya ang kanyang kaliwang kamay habang hawak ito ng kanyang maybahay na si Josie B. Tallado. Dito nanumpa ang gobernador na sa abot ng kanyang kakayahan, paglilingkuran niya ng buong puso at katapatan ang mga mamamayan ng Camarines Norte, sa tulong na rin ng lahat ng mga mamamayan dito, at sa patnubay ng Diyos.

Una rito, idinaos muna ang isang misang pasasalamat na dinaluhan ng mga matataas na opisyal at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, mga pamahalaang lokal, at ang publiko.

Nakiisa rin sa okasyon si Congresswoman Liwayway Vinzons-Chato gayundin sina Bokal Ligaya Lo Pedron, Bokal Arthur Michael G. Canlas, Bokal Romeo R. Marmol, Bokal Jose "Buding" Segundo, Daet Mayor Tito S. Sarion, atbp.

Sa kanyang mensahe, ipinahayag ng gobernador ang pasasalamat niya sa kanyang mga tagasuporta, mga kasamahan sa pulitika, at kapamilya. Ipinaabot din niya ang lubos na pasasalamat sa kanyang asawa lalo na sa kanilang nag-iisang anak na lalaki na si Alvin Jerome na laging nagbibigay-inspirasyon at nagpapalakas ng kanyang loob sa lahat ng panahon.

Ipinaabot din ni Gob. Tallado ang kanyang mga plano at pangarap para sa isang tahimik, payapa at maunlad na Lalawigan ng Camarines Norte. Dito niya hiningi ang supota at partisipasyon ng lahat dahil batid niya na maisasakatuparan lamang ang kanyang mga adhikain kung sasama ang kanyang mga kababayan sa bawat paghakbang niya patungo sa daan ng kaunlaran ng ating minamahal na lalawigan ng Camarines Norte. *LT IBASCO*

# Isinusulong pagtatanim ng gulay sa lalawigan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ay nagbibigay ng suporta sa mga *backyard vegetable growers* sa Camarines Norte sa pamamamagitan ng paglalaan ng mga *indigenous vegetables* tulad ng malunggay, okra, alugbati, upo, patola at saluyot upang itanim sa kanilang bakuran at bakanteng lugar. Ang mga nabanggit na gulayin ay muling ipinakikilala dahil bukod sa kanilang sustansyang taglay, madali silang patubuin at alagaan.

Bilang karagdagan, ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* ay nag-laan din ng karagdagang pondo upang ipambili ng iba pang pantanim na gulay tulad ng kalabasa, sitaw at pipino.

Ang nasabing programa ay sinusubaybayan ng mga *agricultural technicians* mula sa mga kinauukulang *Municipal Agricultural Offices* sa iba't-ibang bayan dito sa Camarines Norte. Katulong nila sa naturang gawain si Gng. Clariza A. Zantua, *OPAg staff*.

Nagsasagawa rin ang *OPAg* ng *Farmers Field School (FFS)* sa loob ng 3-4 na buwan sa ilang bayan dito. Layunin nito na mabig-yan ng mga bagong kaalaman at impormasyon ang mga magsasaka sa lalawigan para magkaroon sila ng napapanahong kasanayan sa pagtatanim, at maitaas ang produksyon ng kanilang pananim at ang kanilang kita.

Samantala, kabilang sa mga paksang tinatalakay sa naturang *FFS* ay ang mga sumusunod: *Vegetable Production, Land Preparation, Seedling Care and Management (SCM), Integrated Nutrient Management (INM), Integrated Pest Management (IPM), Harvesting and Post Harvest Handling Technology,* at ang *Marketing and Market Opportunities*.

Isinasagawa ng *OPAg* ang naturang gawain sa pakikipagtulungan ng mga *Local Government Units (LGUs)* at ng *Agricultural Training Institute (ATI)*, Guinobatan, Albay.

(Sundan sa pahina 9)



# Maayos na pamumuno, iba pa, tema sa idinaos na 2010 SK Provincial Congress




Mark Julius D. Litana
SK Federation Pres.

PD Robin Mercado, DILG

*Si DILG Provincial Direvtor Robin M. Mercado kasama ang mga Sangguniang Kabataan (SK) chairmen mula sa 11 bayan ng lalawigan na dumalo sa 3-araw na 2010 SK Provincial Congress na ginanap sa Villa Mila Resort and Convention Center, Daet, Camarines Norte.*

Idinaos kamakailan ang 3-araw na *2010 SK Provincial Congress* sa *Villa Mila Resort and Convention Center*, Daet, Camarines Norte.

Ito ay nilahukan ng humigit-kumulang sa 130 Sangguniang Kabataan (SK) *chairmen* mula sa labing-isang (11) bayan ng lalawigan tulad ng: Basud, Capalonga, Daet, Labo, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena, Talisay at Vinzons.

Itinaguyod ito ng Panlalawigang Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan (PPSK) sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, *Department of the Interior and Local Government (DILG) Provincial Office* at iba pang mga kinaaukulang ahensya nasyonal at pribadong sektor.

Ang nabanggit na 3-araw na kongreso ay sinimulan sa pamamagitan ng pambungad na pananalita ni Mark Julius D. Litana, pangulo ng PPSK at siyang pangkalahatang tagapangasiwa. Pinangunahan din ni Litana ang pagpapakilala sa mga opisyal at miyembro ng *Provincial SK Federation* gayundin ang *orientation, leveling of expectations* at *house rules*.

Ang mga paksang

(Sundan sa pahina 6)

# Orientation on the implementation of R.A. 9442

Sa pangunguna ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO,* isinagawa kamakailan ang *Provincial Orientation on the implementation of R. A. 9442- An Act Amending R. A. 7277* na mas lalong kilala bilang *"Magna Carta for Disabled Persons"*.

Ang naturang oryentasyon na ginanap sa Artnet Café, Daet, Camarines Norte ay dinaluhan ng mga opisyal at kinatawan mula sa mga sumusunod na *local government units (LGUs), national government agencies* at pribadong sektor; *Municipal Social Welfare and Development Offices (MSWDOs), Land Transportation Office (LTO), Department of Health (DOH), Department of Social Welfare and Development (DSWD), National Council on Disability Affairs (NCDA), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Provincial Health Office (PHO), Department of Education (DepEd), Daet Tricycle Operators and Drivers Association (DATODA), Tricycles Association, Jollibee, Alvino's Restaurant, Fryers Restaurant, Botica Immaculada Concepcion, Centro Mall, Central Plaza Mall, Wiltan Hotel, Chapter President of Persons with Disabilities (PWDs), Sangguniang Bayan (SB) Members, SPED teachers,* at iba pa.

Naging tagapagsali-ta rin dito sina Ms. Beth Farro ng *Department of Trade and Industry (DTI)*, Ms. Tess Jeremias ng *DOH*, Prof. Rex A. Bernardo ng *Mabini College*, Mr. Sam Buenconsuejo ng *Department of Social Welfare and Development Regional Office V (DSWD RO 5)*, Ms. Ruth Tacujan ng *NCDA* at Ms. Victoria Pandi ng *LTO*.

Tinalakay nila ang mga karagdagang benepisyo at pribilehiyo na nauukol sa mga may kapansanan.

Kaugnay nito, binigyang-linaw ni Ms. Farro ng *DTI* na may 37 na uri ng mga pangunahing produkto o *basic commodities* ang maaaring mabili ng mga may kapansanan *(persons with disabilities ó PWDs)*



sa presyong may diskwento. Binigyang-diin din niya na ang sinumang *PWD* ay pinapayagang bumili ng pangkunsumong P1,300.00 bawat linggo na may diskwentong 5%. Subalit kung ang isang *PWD* ay nakabili lamang ng P700.00 sa loob ng isang (1) linggo, ang P600.00 halaga na hindi niya nagamit ay hindi niya pwedeng idagdag sa pagbili niya sa susunod na linggo. Kaya kapag bumili siya ng halagang P1,900.00, bibigyan siya ng 5% diskwento na P65.00 na para lamang sa P1,300.00.

Idinagdag ni Ms. Farro na ang isang *PWD* ay pwedeng magtalaga ng isang kapamilya o kamag-anak na bibigyan niya ng sulat-kapahintulutan para utusan niyang bumili ng kanyang mga pangunahing pangangailangan. Ang mga *basic commodities* ay dapat na pangkunsumo lamang ng PWD at hindi dapat ipagbili para pagkakitaan sapagkat ito ay mahigpit na ipinagbabawal. Ipinaalam din niya na ang mga *PWDs* ay hindi pwedeng humingi ng diskwento sa mga produktong *ready-to-wear (RTW)*. Pinaalalahanan din ni Ms. Farro na anumang reklamo ng sinumang *PWDs* ay dapat iparating sa kanilang tanggapan sa pamamagitan ng paggawa ng pormal na kasulatan/reklamo upang magamit nilang basehan sa paggawa ng kaukulang aksyon laban sa alinmang tindahan at/o establisimyentong hindi nagbigay ng angkop na diskwento at serbisyo sa mga *PWDs*.

Samantala, ipinaliwanag naman ni Ms. Tess Jeremias na batay sa *Implementing Rules and Regulations (IRR)* ng DOH, ang mga PWDs ay dapat bigyan ng 20% diskwento sa *hospitalization* at *medical laboratory services*, at libreng *dental services* sa lahat ng pampamahalaang pagamutan *(government hospitals)*.

Ipinaalam din niya na ang mga MSWDOs ang dapat magparehistro *online* para sa *DOH PWD Registration* gamit ang

(Sundan sa pahina 9)

# CNWD ipinagdiwang ang Women's Day bilang pakikiisa sa Women's Month celebration

## Mga aktibidad nakasentro sa karapatan; mahalagang papel ng kababaihan sa lipunan

Itinaguyod ng Camarines Norte Water District (CNWD) ang 1-araw na *Orientation-Seminar on RA 9208, RA 9262, El Niño Phenomenon, Global Warming, and Women and Water* na ginanap noong Marso 8, 2010 sa *4th Floor, CNWD Admin. Bldg.*, Daet bilang pakikiisa nito sa *Women's Month celebration* ngayong buwan ng Marso na nakatuon sa temang, *"Babae, tagumpay ka ng bayan!"*

Matatandaan na ilang taon na itong isinasagawa ng CNWD sa pangunguna ni *CNWD General Manager* Ma. Antonia BF Boma na aktibong sumusuporta sa pagsusulong sa karapatan ng mga kababaihan, at kumikilala sa mahalagang papel sa lipunan ng mga kababaihang tulad niya.

Samantala, sa programang isinagawa kaugnay ng naturang oryentasyon, nagbigay ng pambungad na pananalita si GM Boma kung saan ibinahagi niya na ang sitwasyon ng mga kababaihan noon at ngayon ay malaki ang pagkakaiba. Ang mga kababaihan noon ay taumbahay lamang, hindi nag-aaral, hindi pwedeng magreklamo, hindi makaboto. Ngunit ang mga kababaihan ngayon ay nagtatrabaho na, nag-aaral, nakapagsasabi ng saloobin, nakakaboto.

Sinabi rin ni GM Boma na ang mga kababaihan ngayon ay alam ang kanilang mga karapatan, at ipinaglalaban ito; may higit na kamalayan, nakikilahok, at maraming oportunidad para sa personal na pag-unlad. Idinagdag niya na sa kasalukuyan, pantay na ang karapatan ng mga kababaihan at kalalakihan. Ipinahayag din niya na, *"Women should act locally and think globally"*.

Matapos ito, tinalakay naman ni Ms. Antonia P. Ramores, *Executive Asst. A, CNWD*, sa paksang *Global Warming* o Pag-iinit ng Daigdig, sa wikang Filipino. Ang *El Niño Phenomenon/ Government Programs* ay tinalakay naman ni Ms. Rosalita B. Manlangit, *Information Center Manager, Philippine Informa-*

(Sundan sa pahina 5)




# EDITORYAL

## Babae, Tagumpay Ka ng Bayan!

**"Babae, Tagumpay ka ng Bayan!"** Ito ang tema ng "**Pagdiriwang sa Buwan ng mga Kababaihan**" ngayong Marso 2010. Kinikilala rito ang kahanga-hangang nagawa ng mga kababaihan sa iba't ibang larangan ng buhay – magpapulitika, siyensya, sining, abyasyon, pangmilitar na pakikibaka, o palakasan man.

Nagawa niyang durugin ang mga hadlang sa pagkilala sa kanya dulot ng kanyang pagkababae na matagal ding itinuring bilang mas mababa ang katayuan at mahina kaysa sa mga kalalakihan - na nakaukit na sa lumang kultura at paniniwala.

Kung noon ay may ***stereo-typing*** sa lahat ng gawain, tungkulin, gawi at pananamit ang mga kababaihan at kalalakihan, ngayon sila ay nagtatamasa na ng magkapantay na karapatan at benepisyo bilang tao.

Sa pagpupunyagi ng mga kababaihang nagsikilos upang pukawin ang damdamin ng mga lider ng United Nations, at ng mga pinuno ng bansa pagkatapos ng pagkakatuklas sa hindi makataong trato sa mga pagawain sa mga kababaihan noong Marso 1911 pagkatapos ng isang sunog sa isang pabrika sa New York City, unti-unting nagkaroon ng mga batas na nagbibigay-proteksyon sa mga kababaihan at kinilala na ang kanilang malaking ambag para sa matatag na pamayanan.

Sa Pilipinas, lumitaw ang lakas ng mga kababaihan sa pinaigting na pakikibaka nito noong panahon ni Pangulong Cory Aquino kung saan, maraming batas kaugnay sa pagkilala sa kababaihan at pagbibigay-proteksyon dito ang kaagad naipasa.

Ngayon lalong napatunayan, na ang mga kababaihan ay maaaring maging lider ng isang bansa; na sila ay maaaring maging mabuting halimbawa kung tunay na magiging tapat sila sa kapwa. Sa mga Pilipinang may natatanging galing, talino at kakayahan, dumami nawa sila!

# Provincial Government Scholarship Program (PGSP) at mga Pamantayan at Alituntunin nito

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Gobernador at sa tulong ng Sangguniang Panlalawigan, ay itinatag ang isang *scholarship program* na pinupunduhan sa ilalim ng *General Fund*.

Ito ay ang *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* na patuloy na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan para matulungang makapag-aral sa kolehiyo ang mga mahihirap ngunit karapat-dapat at may talinong mga mag-aaral sa kolehiyo.

Matatandaan na ang PGSP ay unang ipinatupad noong unang semestre ng SY 2001-2002 sa bisa ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 02-01 na sinusugan ng ilan pang mga ordinansa upang mas mapaigting ang pagpapatupad nito.

Sa ilalim ng kasalukuyang programa, ang mga tinutukoy na kwalipikadong aplikante ay mga mahihirap lamang na ang taunang *income* ng pamilya ay hindi lalagpas sa Isang Daang Libong (P100,000.00) Piso at may kabuuang marka (*general weighted average*) na 85% sa *high school*. Subali't kailangan pa silang kumuha ng *competitive examinations* sa pamamagitan ng *objective type* na pagsusulit at kasunod ay ang *interview/* ó *essay* sapagka't pupunan ang mga nabakanteng *slots* sa PGSP ayon sa *rank* ng mga *examinees* base sa kabuuang marka nito sa mga nabanggit na *examinations.* Ang mga *grantees* ay maaari lamang kumuha ng *degree* o *non-degree tertiary level courses* sa alinmang pampublikong kolehiyo ó unibersidad sa bansa.

Bago ang taunang pagsisimula ng pasukan, ang PGSP ay tumatanggap ng mga karapat-dapat na aplikante mula sa iba't-ibang barangay at bayan ng lalawigan. Lahat na aplikante ay kailangang magtaglay ng mga kwalipikasyong nakapaloob sa programa, at ipasa ang lahat na hinihinging dokumento at nangangakong susundin ang mga panuntunan ng programa at tutupdin ang kanilang obligasyon sa ilalim nito.

Kapag nagkwalipika at nakakuha ng mataas na ranggo sa 2 serye ng pagsusulit ng PGSP, ang pamahalaang panlalawigan ang magbabayad sa alinmang pampublikong kolehiyo sa Camarines Norte, partikular sa Camarines Norte State

(Sundan sa pahina 5)



*Ang ilang aplikante sa Provincial Government Scholarship Program (PGSP) na kumuha ng written examination noong taong 2009. Ang mga aplikante ngayong taon ay isasailalim sa katulad na pagsusulit sa ika-12 ng Mayo kung saan ang mga makukuha rito ay bibigyan ng essay/interview. Ang puntos ng mga aplikante sa 2 serye ng pagsusulit ay pagsasamahin at ang mga makakakuha ng pinakamataas na puntos ang magiging bagong iskolar ng PGSP.*

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, chairman; vice chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve -lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Prov'l. Gov't. Scholarship Program (PGSP)...

(Mula sa pahina 4)

College (CNSC) at sa *satellite colleges* nito, ng matrikula ng iskolar. Kabilang sa maaaring pasukan ng isang iskolar ang iba pang pampublikong kolehiyo at unibersidad sa bansa.

Ang isang iskolar ay may karapatang tumanggap ng *tuition fees* at/ó *allowances* na may kabuuang hindi lalagpas sa halagang Limang Libong Piso (P5,000.00) sa bawat semestre. Kung sakali't ang iskolar ay nakapagbayad na sa lokal na pampublikong kolehiyo, ang iskolar ay tatanggap na lamang ng kapalit na halaga nito sa pamamagitan ng tseke na hindi bababa ó hihigit sa halagang Limang Libong (P5,000.00) Piso pagkatapos niyang maisumite ang mga karampatang dokumento. Sa mga pambihirang sitwasyon/kaso, ang desisyon ng *PGSP Committee* ang paiiralin.

Samantala, ang PGSP ay bukas sa lahat ng mga papasok pa lamang sa unang taon sa kolehiyo, sila man ay katatapos pa lamang ng hayskul ó matagal nang nagtapos ng hayskul ngunit hindi nakapagkolehiyo.

Ang mga mga interesadong mag-aplay sa PGSP ay dapat kabilang sa mga mahihirap na pamilya at mayroong hindi bababa sa 85% na grado sa lahat na aralin sa ika-4 na taon sa hayskul (4th year). Kailangan din nilang makapasa sa *competitive and qualifying examinations (written and essay/interview)* na ibibigay sa oras at lugar na itatakda ng *Scholarship Committee*, susog sa Seksyon 1-5, *Art. VIII* ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 02-01. Ang kita ng kanilang magulang/tagapangalaga ay hindi dapat lumagpas sa P100,000.00 bawat taon, alinsunod sa P.O. 02-01 at ng *Education Code* ng lalawigan. Sila rin ay dapat magtaglay ng mabuting pag-uugali at hindi nasangkot sa kahit na maliit mang gulo sa loob ó labas man ng paaralan. Ang aplikante rin ay dapat iendorso ng kinauukulang punong barangay na siyang magiisyu ng katibayan na ang aplikante ay lehitimong residente ng barangay na hindi bababa sa isang (1) taon.

Ang mga pamantayan ng PGSP ay mahigpit at pantay-pantay na ipinatutupad para sa lahat ng aplikante.

Unang-una, ang aplikante na nagtatamasa na ng ibang *scholarship* ay hindi na kwalipikado sa programa. Isa (1) lamang sa bawat isang pamilya ang pinahihintulutang makapasok sa programa. Kailangang isumite nila sa *Community Affairs Office-Office of the Governor*, *2nd floor* Provincial Capitol, Daet sa panahong hindi lalagpas sa itinakdang petsa para sa kaukulang ebalwasyon, at bago ang pagkuha ng *competitive* at *qualifying examination*, ang lahat na dokumento na kinabibilangan ng mga sumusunod:

a) *Application letter* ng aplikante na naka-*address* sa Gobernador; b) *machine copy* ng *Form 138* ó *report card* kasama ang orihinal na kopya upang patunayan na totoo ang dokumento; c) *machine copy* ng *BIR income tax return* ng magulang/tagapangalaga, para sa katatalikod na taon na tinatakan at pinagtibay ng *BIR*; d) *certificate of residency* na hindi bababa sa 1 taon na ipinalabas ng kinauukulang punong barangay; e) *commununity tax certificate* ó sedula; f) *certificate of good moral character* na iniisyu ng punongguro ó *guidance counselor* kung saan nakapagtapos ng hayskul; g) Katibayan na nilagdaan ng hepe ng pulisya ng bayan, punong barangay ó pinuno ng tanod, na nagsasabi na ang aplikante ay may magandang karakter at hindi nasangkot sa anumang krimen ó walang nakasampang kaso criminal; h) 2 kopya ng larawan na bagong kuha pa lamang, at; i) tig-isang *fastener,* at mahabang *folder* kung saan ilalagay ang mga nabanggit na dokumentong isusumite sa CAO, ang dibisyon ng Tanggapan ng Gobernador na siyang nagpapatupad ng PGSP.

Samantala, kung ang mga magulang ng aplikante ay walang regular na hanapbuhay at hindi nagsusumite/nagdedeklara ng taunang kita sa B.I.R., sila ay pinapayuhang kumuha na lamang ng *certificate of indigency* mula sa kanilang barangay. Ang kopya nito ay dadalhin nila sa B.I.R., Daet na mag-iisyu ng porma na pupunan nila, magbabayad sila ng kaukulang bayarin at saka sila iisyuhan ng sertipikasyon na hindi sila kailangang magsumite ng *income tax return* susog sa *Section 51 (2) A* ng *National Internal Revenue Code*.

Bilang karagdagan, ang sinumang iskolar ay dapat magpatala (magpa-*enroll*) lamang sa anumang *college courses* ng *Camarines Norte State College (CNSC)* ó alinmang pampamahalaang kolehiyo ó unibersidad sa labas ng lalawigan ng Camarines Norte. Ngunit may pasubali na tatanggap lamang siya ng P5,000.00 tulong-pinansyal bawat semestre para sa kanyang matrikula at/ó *allowance*, at sasagutin niya ang anumang kakulangan sa matrikula, kung sakali at ito ay mas mataas pa kaysa sa kinukolekta ng CNSC ó mga sangay/kampus nito.

Ang pondong nakalaan para sa bawat iskolar ay isusulit alinsunod sa limitasyon at prosesong tinutukoy sa letrang (a) at (b) ng Seksyon 3-*Disbursement of Funds, Art. IX, Provincial Ordinance No. 02-01, as amended*.

(Sundan sa pahina 6)

# CNWD ipinagdiwang ang Women's Day...

(Mula sa pahina 3)

*tion Agency (PIA)*.

Naging tagapagsalita rin si GM Boma na tinalakay ang paksang *Women and Water/CNWD El Niño Program* kung saan binigyang-diin niya na "Ang Tubig ay Buhay" *(Water is Life)*, at maipapalagay na magkakonekta ang **W**ater at **W**omen. Inilahad niya na 50% ng populasyon sa mundo ay mga kababaihan. Sa maraming bansa, karamihan sa kanila ay nag-iigib ng tubig na ginagamit nila sa kanilang pagluluto, paglilinis, paglalaba, pagdidilig, at iba pa.

Sinabi rin ni GM Boma na sa bansang Africa, ang mga kababaihan ay naglalakad ng 3-6 na milya makakuha lamang ng tubig. Ganito aniya kahalaga ang tubig kaya dapat itong gamitin nang wasto at huwag aksayahin. Ito ay sa harap ng nararanasang kakulangan ng suplay nito sa lalawigan at sa iba't-ibang panig ng bansa gayundin sa ibang bansa sa daigdig.

Idinagdag din niya na sa darating na 30 taon, mas matindi ang magiging kakulangan sa tubig at maaaring tumaas ang presyo nito. At dito papasok ang mahalagang papel ng mga kababaihan bilang mga *water managers* na magpaplano ng wastong paggamit ng tubig. Sila rin ay *wise water collectors* na titiyaking hindi masasayang ang bawat patak ng tubig mula sa gripo.

Ang mga kababaihan din ay mga *educators* na maaaring magturo sa kanilang mga anak at/o kapamilya ukol sa tamang pagkunsumo ng tubig. Sila rin ay mga *community leaders* na makikiisa sa pagpapakalat ng kaalaman ukol sa kahalagahan ng tubig sa pang-araw-araw na buhay gayundin ang mga tagubilin sa tamang paggamit nito.

Tinalakay naman sa dakong hapon ang mga batas na nagtataguyod sa karapatan, proteksyon at kapakanan ng mga kababaihan tulad ng: *RA 9208 (The Anti-Trafficking in Persons Act of 2003)*, at *Prohibited/Punishable Acts and Legal Remedies under RA 9262* ó *The Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004* na tinalakay nina *Fiscal* Athena O. Boado, 3rd *Asst. Provincial Prosecutor*, at Atty. Archimedes O. Yanto, *CNWD Corporate Legal Counsel*, ayon sa pagkakasunod.

Samantala, ang pagtalakay naman sa paksang *Barangay Protection Order*, at *Programs/Services for Victims and Survivors* ay pinangasiwaan nina Ms. Melody E. Relucio, *Local Government Operations Officer, Department of the Interior and Local Government (DILG)* at *Social Welfare Officer II* Cynthia R. dela Cruz, ayon sa pagkakasunod.

Nagkaroon din ng *open forum* sa dakong umaga at hapon pagkatapos ng pagtalakay sa mga paksang nabanggit kung saan sinagot at binigyang-linaw ng mga kinauukulang tagapagsalita ang mga katanungan ng mga dumalo sa oryentasyon.

Ang naturang 1-araw na oryentasyon ay nagtapos sa pamamagitan ng pangwakas na pananalita na ibinigay ni Ms. Merlita B. Estrellado, *Division Manager, AFD-CNWD*.

Bilang karagdagan, ang *Global Warming* o ang Pag-init ng Daigdig sa wikang Filipino ay tumutukoy sa nararanasang pagtaas sa katamtamang temperatura ng himpapawid at mga karagatan sa mundo nitong mga nakaraang dekada. Sa loob ng ika-20 siglo, ang katamtamang pandaidigang temperatura ay tumaas ng *0.6 ± 0.2°Celsius (1.1 ± 0.4°Fahrenheit)*. Ito ang epekto ng mga mali nating ginawa, at patuloy na ginagawa sa ating kapaligiran. Ang pagsunog ng produkto mula sa petrolyong langis, pagkakaingin, pagtotroso, *illegal dynamite fishing*, pagtatapon ng basura sa ilog/dagat, at iba pa ang nakapagpapataas sa antas ng *carbon dioxide* at iba pang mga *greenhouse gases* na mga pangunahing sanhi ng pag-init ng mundo. ***LT IBASCO***

# Prov'l. Gov't. Scholarship Program (PGSP)...

*(Mula sa pahina 5)*

Sa sandaling magkwalipika, ang iskolar ay dapat na mapanatili ang kabuuang marka na 85% ó mahigit pa, ó ang katumbas nito sa lahat ng aralin *(subjects)*; hindi dapat magkaroon ng bagsak *(failing)* na marka, at kapag nagkaroon ng markang *INC. – incomplete*, dapat itong mawala sa loob ng nasabing taon, na may pasubali na ang kanyang kabuuang marka ay hindi dapat bumaba sa 85% para manatili siyang iskolar. Gayunman, ang gradong hindi bababa sa 80% ay pinahihintulutan ng programa para lamang sa mga iskolar na kumukuha ng anumang *engineering courses*.

Ang sinumang iskolar ay hindi dapat mag-*drop* ng anumang aralin (*subject*) o kaya'y i-*defer* ang *scholarship grant* kung walang balidong rason at kaukulang permiso mula sa *program officer* ng PGSP. Dapat din silang kumuha ng hindi bababa sa 18 yunit sa bawat semestre.

Ang *PGSP* ay pamamahalaan *ng Scholarship Committee* na binubuo ng *chairman* at *vice chairman*, at 4 na miyembro nito, isang *sub-committee* na kinabibilangan ng *Community Affairs Office (CAO)* at ng *Secretary to the Sangguniang Panlalawigan*. Ang *program officer* ay itatalaga ng Tanggapan ng Gobernador na tutulungan ng ilang kawani na itatalaga ng naturang tanggapan, na walang karagdagang benepisyo.

Ang mga obligasyon ng mga iskolar ng PGSP ay ang mga sumusunod:

1. Isumite ang isang (1) orihinal na kopya at dalawang (2) *machine copies* ng *enrollment/ registration card* na napunan na at pinagtibay ng *registrar*.
2. Isumite ang isang (1) orihinal na kopya at dalawang (2) *machine copies* ng *tuition fee payment receipt* na *duly validated* ng CNSC *treasurer's office*.
3. Magsumite ng orihinal na *class cards* at 2 *machine copies* ng grado na pinagtibay ng mga kinauukulang propesor at *registrar*, na walang anumang bura ó binago man. Kapag nagtapos na sa kolehiyo, sila ay dapat magsumite ng *diploma*, o kung wala nito, isang sertipikasyon mula sa *school registrar* na may tatak at selyo ng paaralan kung saan nagtapos, at tinutukoy ang *degree,* at *honors* na kanilang tinanggap, kung mayroon man.
4. Ang lahat na mga nabanggit ay dapat na isumite ng iskolar sa *Program Officer ó* kinatawan nito sa *Community Affairs Office, Provincial Capitol* sa loob ng isang (1) buwan pagkatapos ng bawat semestre/klase sa kanilang kinauukulang mga paaralan ó kolehiyo. Ang 1-buwang palugit ay magsisimula sa ikalawang linggo pagkatapos ng pagsasara ng klase ng katatalikod na semestre at 2 linggo pagkatapos ng pagbubukas ng klase ng susunod na semestre.
5. Sinumang iskolar ay hindi dapat na masangkot sa anumang kaso ng gulo/gusot sa loob o labas ng paaralan. Ang anumang pagkakasangkot dito ay sapat na para sa terminasyon/pagputol sa kanilang *scholarship grant* at pribilehiyo kaakibat nito.

Ang hindi pagtupad ng sinumang iskolar sa alinman sa mga nabanggit na obligasyon nila ay magiging daan para maputol/mabawi ang kanilang *scholarship privileges*. ***LT IBASCO***

# Maayos na...

*(Mula sa pahina 2)*

tinalakay at ang mga naging tagapagsalita ay ang mga sumusunod: *Prinicples of Making Resolutions* - Ms. Melody E. Relucio, *Technical Services Division Head-DILG; Basic First Aid and Life Support Exercise 1: Rescue Simulation* – Salvador Ferdinand Q. Ferrer, *Philippine National Red Cross (PNRC) Camarines Norte Chapter; Morality: Key in Efficient Governance* – Gerardo G. Mallapre, *Municipal Government Operations Officer II*, San Vicente; *Fire Fighting Course* – *Insp.* Adonis P. Osea, *AFP Fire Department, CN Chapter; Automated Elections and the First Time Voters* – Atty. Annie A. Romero-Cortez; *Provincial Election Supervisor, COMELEC Provincial Office*, at; *Drug Addiction (Seminar)* – PO2 Ryan Morales.

Sa pagitan ng mga pagtalakay, nagsagawa ng *ice breaker* na tinawag na *'Magpasikat!!!'* na pinangasiwaan ng mga *PPSK members* na sina Glenn Mark Velasco, Rose Anne Montes, Cesar C. Estravez Jr. gayundin ang *Extreme Challenge* na pinamunuan din ni Velasco ng SKMF Daet.

Ang Harapan *with the Gubernatorial Candidates* ang naging pinakatampok na gawain sa huling araw ng aktibidad kung saan inilahad ng mga kumakandidato sa pagka-gobernador ang kani-kanilang mga plataporma de gobyerno. Sinundan ito ng *open forum* kung saan nagbigay ng katanungan ang mga SK officials na tinugon naman ng mga kinauukulang mga kandidato.

Pormal na nagtapos ang 3-araw na gawain sa pamamagitan ng pagbibigay ng komendasyon sa mga kinauukulang opisyal ng SK, paggawad ng mga sertipiko sa mga kalahok, at pamimigay ng regalo sa mga kalahok na aktibong nakiisa sa programa. ***LT IBASCO***

# SEARCA project ipinatutupad sa 5 bayan ng lalawigan

Isa ang Camarines Norte sa anim (6) na lalawigan sa ating bansa na nabiyayaan ng tulong-pinansyal *(financial assistance)* ng *European Communities-Euro Commission SEARCA funded project*. Ang *Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA)* sa pangunguna ng *European Commission* ay naglaan ng P25 milyong pondo para sa bawat probinsyang benepisyaryo ng kanilang programa.

Ang iba pang lalawigan sa bansa na kabilang sa *SEARCA Project* ay ang: Camarines Sur, Oriental Mindoro, Occidental Mindoro, Misamis Oriental at Misamis Occidental.

Ang naturang inisyatibo ay isinulong ng Komisyon sa layuning mapataas ang antas ng produksyon ng mga pangunahing pagkain *(food production)*, at mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka, at mga kabilang sa mga *minority groups o Indigenous Peoples (IPs)* sa mga lalawigang nabanggit.

Samantala, pinangunahan naman ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* ang pagtukoy sa limang (5) bayan dito na kwalipikadong makabilang sa implementasyon ng naturang proyekto, at prayoridad na unang mabiyayaan ng nasabing pondo. Ito ay ang mga bayan ng Basud, Daet, Jose Panganiban Mercedes, at San Lorenzo Ruiz.

Kaugnay nito, ang tribung Kabihug sa Jose Panganiban na binubuo ng 30 pamilya ay pinagkalooban kamakailan ng may 22 ektaryang lupain upang kanilang linangin at maging palagiang tirahan. Sila ay nabigyan ng *Certificate of Ancestral Domain Title (CADT)* sa pangunguna ng tanggapan dito ng *National Commission for Indigenous Peoples (NCIP)*.

Ang apat (4) pang nabanggit na bayan ay patuloy pa rin ang isinasagawang pagtukoy at pagtaya *(identification and evaluation)* sa iba't-ibang *non-government organizations (NGOs)* at mga *people's organizations* na maaaring mabigyan ng pondo upang makatulong sa pagpapataas ng produksyong pang-agrikultural, at harapin ang hamon ng kahirapan dito sa ating lalawigan.

Patuloy namang hinihimok ni Dr. Teodoro A. Abilay, *Central Project Management Unit Head* ang mga kawani ng iba't-ibang tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan na kabilang sa *Provincial Technical Working Group (PTWG)* na siyang *Project Steering Committee* na pag-ibayuhin ang pangunguna sa nasabing proyekto upang maging matagumpay ang layunin na maibsan ang *global crisis*. ***SAMUEL VILLAGEN, ProVet***

# Mga piling larawan


















*1) Nagbibigay ng kanilang mga mensahe sina Gob. Edgardo A. Tallado, Cong. Liwayway Vinzons-Chato at Executive Assistant IV at OIC Prov'l. Admin. Joey Boma sa isinagawang Thanksgiving Mass and Oath Taking ni Gob. Tallado bilang bagong gobernador ng Camarines Norte; 2) Ang bagong gobernador kasama ang kaniyang mga taga-suporta at ilang opisyal ng lalawigan habang inaawit nila ang kantang 'Ang Bayan Ko' matapos ang misang pasasalamat; 3) Binabati ni Judge Emmanuel Dating si Gob. Tallado at maybahay nito na si Josie pagkatapos nitong manumpa sa tungkulin bilang bagong gobernador; 4) Ang misang isinagawa na dinaluhan ng mga kawani mula sa iba't-ibang tanggapan at ahensya ng pamahalaan dito sa lalawigan; 5) Ang kauna-unahang pagdalo ni Gob. Egay Tallado sa Flag Retreat Ceremony ng pamahalaang panlalawigan bilang gobernador kasama ang mga kawani rito.*

# Pagsasanay ukol sa produktibong pagtatanim ng pili isinagawa; malawakang pagtatanim nito sa Rehyong Bikol isinusulong

Ang punungkahoy na pili ay tinataguriang, *"The Tree of Hope of Bicol"* at *"Flagship Commodity for Bicol"* dahil ito ay katutubo rito sa Bikol at maraming pakinabang. Ito ay isang matibay na puno at malakas ang resistensya laban sa mga peste at sakit, madaling tumubo at alagaan, produktibo, may mahabang buhay, at ang bunga nito ay hindi agad nasisira/nabubulok kaya madaling ibyahe.

Kaugnay nito, ang 2-araw na pagsasanay ukol sa *Pilinut Orchard Establishment and Maintenance* na binibigyang-diin ang kaisipang, *"Sa Pili mo, may Tamang Kita at Kabuhayan"* ay isinagawa kamakailan sa Kalinangan *Center*, Brgy. Calasgasan, Daet. Ito ay itinaguyod ng *Department of Agriculture Regional Office V (DA RO5)* sa ilalim ng *BIONET Bicol Pili Development Project*, at sa pakikipagtulungan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Dinaluhan ito ng mga magsasaka mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan na una nang inanyayahan ni Clariza A. Zantua, *Agriculturist II* ng *OPAg* na tagapangasiwa ng mga pili *techno-demo farms* sa lalawigan. Naging panauhing tagapagsalita rito si Estela B. Orolfo, *Ph. D.* na siyang tagapamuno *(chairperson)* ng *Bicol Pilinut Industry Board (BPIB)*.

Sa nasabing pagsasanay, tinalakay ang mahahalagang katangian ng pili katulad ng katangian ng tuyong buto *(dried nuts)* nito na tumagal nang isang (1) taon sa ilalim ng normal na kundisyon. Ang *kernel* o pinakabuto/pinakalaman nito ay ipinoproseso para makagawa ng iba't-ibang *food delicacies* na iniluluwas na sa iba't-ibang bansa ngayon.

Ang dagta naman mula sa sanga nito ay mahalagang panluwas na produkto ng Pilipinas sa bansang Europa lalo na sa Pransya kung saan ginagamit ito bilang sangkap (additives) sa paggawa ng *cosmetics* at pabango. Ito rin ay pangunahing sangkap sa produksyon ng scolants (*sealants*) at pintura.

Ang langis *(oil)* mula sa laman *(kernel)* nito ay napaulat na katulad hindi man kasinghusay ng *olive oil* para sa pagluluto. Ang *pulp oil* (langis mula sa pinakabalat) nito aymabenta sa lokal na merkado bilang *organic massage oil*. Pwedeng makaprodyus ng *high grade fuel* mula sa shell nito na may ready market ng mga *local oil refineries* at *bakeries* (panaderya). Ito rin ay ginagamit sa paggawa ng magagandang *fashion accessories* na may regular na merkado na. Ang kahoy nito ay pino ang mga hibla na magandang materyales sa paggawa ng *furniture* at *decorative articles*, at mga laruan na aangkop sa panlasa ng mga turista.

Inilahad din ni Dr. Orolfo na sa kasalukuyan, ang Rehyong Bikol ang pangunahing tagapagtustos ng *raw* at *processed pilinuts* sa lokal na merkado o pamilihan para sa mailuwas sa ibang bansa na umaabot sa 82%. Inihayag din niya na itinatag *ang pilinut kernel quality standard* sa pangunguna ng *Agricultural and Fishery Products Standard* sa pakikipagtulungan sa *DA RO5*.

***(Sundan sa pahina 9)***







# 52 sa 136 PWDs, pumasa sa medical screening ng Mabuhay Deseret Foundation

Isinagawa kamakailan ng Mabuhay *Deseret Foundation* ang 3-araw na libreng *medical screening* para sa mga kababayan nating maykapansanan o *persons with disabilities (PWDs)* na tinatawag ding mga *differenty-abled persons*.

Ito ay kinabibilangan ng mga indibidwal na may *cataract*, *cross eyes*, *cleft-lip/palate*, *burn contractures*, *clubfeet*, at *below the knee amputee*.

Kaugnay nito, umabot sa 136 pasyente ang sumailalim sa libreng *medical screening* ng grupo kung saan 52 pasyente rito ang nagkwalipika sa kanilang pamantayan. Sasagutin ng foundation ang lahat na gastusin sa pagpapagamot ng 52 kwalipikadong pasyente kasama na ang libreng *board and lodging*. Ang ibang pasyente ay hindi nakapasa sapagkat hindi nakapaloob sa kategorya ng programa ng nasabing grupo o kaya naman ay hindi na malulunasan pa ang kanilang kapansanan gaya ng mga *congenital blind* o isinilang na bulag na.

Ang naturang kawanggawa ay pinangunahan ni Dr. Teresita A. Redrino, *medical director* ng Mabuhay Deseret Foundation katulong ang mga *eyes specialists* mula sa Fatima Hospital na sina Dr. Govind Gurung, isang *Nepalese*; at Dr. Gamaliel Chavez.

Bilang karagdagan, ang Mabuhay *Deseret Foundation* na may tanggapan sa *127 14th Avenue Cubao, Quezon City* ay isang organisasyon na nagbibigay ng libreng *life changing medical treatment* sa mga mahihirap na nagdurusa mula sa *clubfoot, post polio, cleft lip/palate, cataracts, cross eyes, burn contractures* o nangangailangan ng artipisyal na binti sa ibabang bahagi ng tuhod. ***LT IBASCO***

# Operasyon ng internet...

(Mula sa pahina 10)

mupusta ang mga kabataan. Maliban dito, mayroon ding mga *violent games* na sa paraang paglalaro, ang mga kabataang gumagamit nito ay walang awang pinupuksa ang kanilang mga "kalaban".

Ang *internet* ay nagagamit din ng sindikato sa kanilang mga iligal na gawain tulad ng pornograpiya na pinalalaganap nila sa pamamagitan ng *cybersex*. Ginagamit nila rito ang mga kababaehan at kalalakehan man, at mas malimit nga ay mga *menor de edad* pa. Ito ay nagreresulta sa mga krimen tulad ng panggagahasa *(rape)*, pangmomolestya *(molestation)*, trapiking, at iba pang krimen.

Dahil dito, ang pamunuan ng *Provincial Regulatory Board (PRB)* ay binuo sa bisa ng *Executive Order No. 2008-28* na nakapaloob sa *Sec. 1, Art. IX* ng *Provincial Ordinance No. 10-2008, as amended*. Ang layunin nito ay mapaigting at mapalawak ang mga pagkilos para malimitahan at sa kalaunan ay wala nang makitang kabataan sa mga *internet cafes* sa oras ng kanilang klase. Layunin din nito na hikayatin ang pamayanan na makipagtulungan upang maipaabot sa mga kabataan na ang *internet* ay nakatutulong kung gagamitin sa tamang paraan, layunin at oras.

Kaugnay nito, nagpulong kamakailan ang naturang *regulatory board* kung saan pinag-usapan ang mga hakbanging isasagawa nila upang mabantayan ang mahigpit na pagpapatupad ng nasabing ordinansa sa ilalim ng kanilang pangangasiwa. Layunin ng grupo na maisaayos ang operasyon ng mga *internet cafes/shops* sa buong lalawigan at hikayatin sila na tumulong sa pagtiyak na mapapangalagaan ang pag-aaral at paglagong pisikal, ispiritwal at moral ng mga kabataan dito. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapaalala at paggabay nila sa mga kabataan/mag-aaral sa tamang paggamit ng *internet*.

Ang mga bumubuo sa nasabing *Provincial Regulatory Board* ay ang *Provincial Legal Office* bilang *Chairperson*, PSWDO Lorna de Claro bilang *Vice Chairperson*, at ang mga miyembro ay sina *Provincial Treasurer* Lorna A. Coreses, *DILG Provincial Director* Robin M. Mercado, *PNP Women & Children's Desk Officer PO3* Cecille Tagala, *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas, at Vernie San Jose bilang Presidente ng *accredited association of internet cafes/computer rental shops/computer gaming shops*. **LT IBASCO**




# Orientation...

(Mula sa pahina 3)

website na *www.doh.gov.ph/pwd registry*. Ito ang gagamitin ng mga ospital ó *medical practitioners* sa pagberipika kung kwalipikado ang isang *PWD* na humihingi sa kanila ng diskwento.

Sa naturang oryentasyon, ipinaliwanag naman ni Prof. Rex Bernardo ng Mabini Colleges ang kahalagahan ng pagkakaroon ng *PWD ID*. Ipinakita rin niya ang halimbawa ng *purchase booklet* na pwedeng gayahin ng iba pang mga munisipyo na di pa nakakapagpagawa ng nasabing *purchase booklet*. Ang mga *PWDs* ay maaaring kumuha ng kanilang *PWD ID* mula sa mga kinauukulang *MSWDOs* sa lalawigan. Dito rin sila maaaring kumuha ng *purchase booklet* na magiging talaan/listahan sa pagbili nila ng mga gamot at *basic necessities/commodities/services*.

Tinalakay naman nina Mr. Sam Buenconsuejo ng *DSWD RO 5* at Ruth Tacujan ng *NCDA* ang mga mahahalagang nilalaman ng *R.A. 9442* at *United Nations Convention on the Rights of PWDs*.

Bilang karagdagan, ipinahayag ni Mrs. Victoria Pandi ng *LTO* ang kanilang suporta sa programa para sa kapakanan ng mga PWDs. Sinabi niya na sinumang PWDs na hindi binigyan ng diskwento sa transportasyon ay maaaring magpaabot ng reklamo sa kanilang tanggapan para mabigyan nila ng kaukulang aksyon.

Ang naturang oryentasyon ay isinagawa sa layuning maipabatid sa mga maykapansanan *(PWDs)* ang mga karapatan at benepisyong dapat nilang tamasahin gayundin ang mga ahensya at tanggapang maaari nilang lapitan sakaling ipagkait ito sa kanila. **AILEEN CAMACHO/LT IBASCO)**

# 8 sa 34 iskolar...

(Mula sa pahina 10)

BIlang karagdagan, ang iba pang iskolar ng *PGSP* na magtatapos ng iba't-ibang kurso mula sa CNSC ay ang mga sumusunod: *BS in Accountancy* - Jordan R. Pajarillo; BS in Office Administration-Evelyn O. Corpuz, Lizel B. Magnaye, Arjean J. Raro, at Michelle E. Villa; *BS in Food Service Management*-Mailyn L. Quijance, April Joy L. Sta. Ana, at Mary Ann V. Tolosa; *BS in Business Administration (BSBA)-Major in Financial Management*-Richelle L. Ilao at Jonalyn A. Lopez; *BSBA Major in Economics*-Irickson S. Basilio at Paul Mark Q. Mata; *BSBA Major in Marketing*-Joy C. Aloc, Joy L. Eco, at Reynaldo R. Factor, Jr.; *BS in Entrepreneurship*-Liezel A. Era, Genelyn S. Lo, Mary Joy T. Sta. Ana, Reichen R. Taupo, at Jessa E. Villaspin; *Bachelor of Secondary Education-Major in English* – Melody O. Rasco; *Bachelor of Elementary Education*-Catherine S. Eboña at Ana Jane G. Gaetira; *BS in Mechanical Engineering*-Jonas Russel D. Sotero, at; *BS in Information Technology*-Erwin L. Acal at Mary Joy A. Gaco.

Malugod namang ipinaabot ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kanyang pagbati sa lahat ng mga iskolar na magtatapos ngayong taon lalo na ang mga pararangalan bilang mga *cum laude*. Hinihikayat din ng gobernador at ng buong pamunuan ng PGSP ang lahat na iskolar na pagbutihin ang kanilang pag-aaral para hindi masayang ang pondo ng pamahalaan, at makakuha sila ng permanenteng trabaho sa hinaharap. **LT IBASCO**

# Isinusulong pagtatanim...

(Mula sa pahina 2)

Sa kasalukuyan, ang *Alawihao Vegetable Growers* ay sumasailalim sa nasabing pagsasanay. Umaabot sa kabuuang 16 *FFS participants* na mga miyembro nila ang magtatapos sa Abril 30, 2010.

Maliban sa mga regular na paksang tinatalakay na nabanggit sa unahan, ibinabahagi rin ng ilang kawani ng *OPAg* ang ilang paksa kung paano sila makagagawa ng produktong pagkain mula sa kanilang sariling ani para magkaroon sila ng karagdagang mapagkakakitaan.

Ang *special topics* naman ukol sa *food processing* ay tinatalakay ni Gng. Melinda L. Jerez at Adelina Buitre. Ang *lecture-demonstration* sa paggawa ng *fish burger*, puto mal, kangkong *fritters*, *squash croquettes*, malunggay *tea*, gayundin ang proseso sa bangus *deboning* o pagtanggal ng tinik ng ba-ngus ay pinanga-ngasiwaan ni Gng. Irene Olivar mula pa rin sa *OPAg*.

Sa bahagi ng isinasagawang pagsasanay, hiniling ng mga miyembro ng *Alawihao Vegetable Growers* na mabigyan din sila ng pagsasanay ukol sa *Integrated Vegetable and Corn Farming*. Layunin nilang makapagtanim ng ibang uri ng gulay at mais para magkaroon sila ng karagdagan at alternatibong pagkakakitaan sa hinaharap. Ipinahayag naman ng mga kinatawan ng *OPAg* na ang kanilang kahilingan ay ipaaabot kaagad nila sa mga kinauukulang o-pisyal para sa kaukulang aksyon. **MELINDA L. JEREZ.**

# Pagsasanay...

(Mula sa pahina 8)

Idinagdag din ni Dr. Orolfo na ipinasa at inaprobahan ng Lalawigan ng Albay ang isang ordinansa na nagbibigay ng *tax moratorium* sa loob ng 6 taon sa mga may-ari ng lupa na nakapagtanim ng pili sa hindi bababa sa 1-3 ektaryang lupain gayundin ang pagbibigay sa kanila ng libreng pantanim na 100-150 binhi bawat ektaryang taniman. Binuo naman ng Sorsogon ang *Pili Industry Council* para mapabilis ang pagpapaunlad ng kanilang pili *industry*.

Tinalakay rin dito ang mga sumusunod na salik na dapat isaalang-alang sa pagtatayo ng taniman ng pili *(pilinut orchard)* at pagpapanatili *(maintenance)* nito: lugar *(site)*, klima *(climate)*, topograpiya *(topography)*, lupa *(soil)*, madaling daanan *(accessibility)*, at sosyo-ekonomikong kondisyon *(socio-economic condition)* ng pamayanan.


Binigyang-diin ni Dr. Orolfo na ang paggawa ng plano o krokis ay nagkakaiba-iba depende sa topograpiya ng lupang pagtatayuan ng *pilinut orchard*. Idinagdag din niya ang mga mahahalagang aspeto at hakbang na dapat tandaan sa pagtatanim ng pili, mga karaniwang sakit at peste sa pili gayundin ang paraan ng pagpuksa at pagkontrol nito.


Samantala, ang gastusin at posibleng kitain *(cost and return analysis)* mula sa pagtatayo ng *pili orchard* ay tinalakay at itinuro naman ni Ronaldo B. Coprada, *Agriculturist II/Researcher, DA RO5*. Sinabi ni Coprada na ang pagsasaka ay isa ring negosyo na ang pinakalayunin ay kumita. Ang malaking kita ay maaaring makamit sa pamamagitan ng epektibong produksyon at maayos na pagbebenta nito. **LT IBASCO**


Jane Antonette G. Colinares

# 8 sa 34 iskolar ng PGSP, cum laude sa pagtatapos sa CNSC sa Abril 6



Lourisse T. Almadrones


William E. Adolfo


Jay I. Odi


Michelle B. Rodriguez


Chiande P. Salvador


Angielyn A. Cubillas


Ailyn C. Caballero

Nakatakdang magtapos bilang mga *cum laude* ang 8 sa 34 na iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* na kumuha ng iba't-ibang kurso sa *Camarines Norte State College (CNSC).*

Ang naturang parangal ay igagawad sa kanila sa okasyon ng *18th Commencement Exercises* ng *CNSC* sa ika-6 ng Abril 2010 sa ganap na ika-4 n.h. sa *CNSC Quadrangle, Main Campus*, Daet na nakatuon sa temang, *"Sustained Economic Growth and Development through Well-Rounded Graduates"*.

Sa bilang na nabanggit, 23.53% ng mga iskolar ng PGSP na magtatapos ngayong taon na may mataas na karangalan bilang mga *cum laude*.

Sa 4 na iskolar ng *PGSP* na kumuha ng kursong *Bachelor of Science (BS) in Accountancy* mula sa *CNSC*, 3 sa kanila ay magtatapos na *cum laude*. Ito ay sina William E. Adolfo, Lourisse T. Almadrones at Jay L. Odi.

Samantala, sa limang (5) magtatapos ng kursong *Bachelor of Secondary Education Major in English*, 4 ang pararangalan bilang mga *cum laude*. Ito ay sina Ailyn C. Caballero, Jane Antonette G. Colinares, Angielyn A. Cubillas at Chiande P. Salvador. Magtatapos din bilang *cum laude* si Michelle B. Rodriguez sa kursong *Bachelor of Elementary Education*.

(Sundan sa pahina 9)

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN
PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
TAON 9, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE MARSO, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Paglabag ng mga internet cafes sa Provl. Ordinance No. 10-2008 at pagkilos laban dito sentro sa PRB meeting kamakailan


*Ang mga bumubuo sa Provincial Regulatory Board susog sa EO # 2008-28. Simula sa kaliwa: Si Donna Guevarra na kinatawan ng Provincial Legal Office-G.O., PSWDO Lorna C. de Claro, Asst. PSWDO Cynthia DC Rodrigueza, Ms. Marietta Laranang– kinatawan ng PTO; Nakatalikod sina Ms. Purita P. Briñas, CAO IV ng CAO-Governor's Office, at; PO3 Cecille Tagala, WCPD PNCO ng Camarines Norte Provincial Police Office. Wala sa larawan sina Provincial Director Robin Mercado ng DILG at Vernie San Jose—Pangulo ng Camarines Norte Computer Shops Association.*

Ang *internet* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na naghahanap ng iba't-ibang impormasyon sa paggawa ng kanilang takdang-aralin, mga proyekto, pagsasaliksik, at mga kahalintulad nito. Sa pamamagitan nito, nakakapaglaro rin sila ng iba't-ibang *interactive educational games* na makapagpapaunlad sa kanilang husay at kaalaman sa *vocabulary*, *literature*, iba't-ibang sangay ng agham at matematika *(sciences* at *mathematics)*, at iba pa.

Ngunit ang *internet* din ay may mga *on line* na sugal kung saan pu-

(Sundan sa pahina 9)